EMPOWER HOMEBUYERS
COUNTY OF SANTA CLARA
2016 MEASURE A FIRST-TIME HOMEBUYER PROGRAM

Mga Loan para sa Bibili ng Bahay sa Unang Pagkakataon

Paano Ito Nakakatulong

Ang Empower Homebuyers ay ang programang tumutulong sa down payment para sa bibili ng bahay sa unang pagkakataon sa County ng Santa Clara. Pinopondohan sa pamamagitan ng Panukala A ng 2016 na Abot-kayang Bono sa Pabahay at pinangangasiwaan ng Housing Trust Silicon Valley, ang programa ay inaasahang tutulong sa tinatayang 250 sambahayang may mga kitang hindi lumalampas ng 120% ng Area Median Income sa unang limang taon.

Ano Ang Kailangan Ninyong Malaman

Ang Empower Homebuyers ay may tatlumpung taong ipinagpalibang loan at isang bahagi ng appreciation ng tirahan na katumbas ng hinihiram ninyo. Dahil sa ang loan ay isang pinagbabahaginang appreciation loan, walang mga buwanang bayad sa anumang uri ang kinakailangan. Ang kabayaran ay ipinagpapaliban hanggang sa maabot ng loan ang maturity date, kayo ay magpasyang ibenta ang inyong tirahan, lisanin ninyo ang inyong tirahan, o i-refinance ninyo ang inyong mortgage.

Para sa higit pang impormasyon, bisitahin ang:
bit.ly/EmpowerHomebuyersSCC
Makipag-ugnay sa amin:
408-436-3450 ext. 301
EmpowerHomebuyersSCC@housingtrustsv.org

Adria Quiñones-Masur
NMLS# 863850

Hong Ngo
NMLS# 1271738

THE COUNTY OF SANTA CLARA 1850

Housing Trust Silicon Valley

EQUAL HOUSING OPPORTUNITY

Hakbang 1: Intake

Kumpletuhin ang isang intake form at isumite ito sa staff ng Housing trust para sa paunang screening

Hakbang 2: Humanap ng Lender

Makipag-ugnay sa isang inaprubahang lender para sa pre-approval. Ang Housing Trust ay nakikipagtulungan sa lahat ng inaprubahang lender

Hakbang 3: Aplikasyon

Sa pre-approval sa lender, kumpletuhin ang Program Eligibility Application at makipag-ugnay sa staff ng Housing Trust para sa appointment

Maaari Kayong Maging Kuwalipikado Kung...

- Kayo ay bumibili ng bahay sa unang pagkakataon na bumibili ng pangunahing tirahan sa County ng Santa Clara
- Kayo ay may pre-approval mula sa isang inaprubahang lender (ginawa bago magsumite ng aplikasyon)
- Ang kita ng inyong sambahayan ay nasa loob ng mga itinalagang limit
- Kinumpleto ninyo ang 8 Oras na klase sa Edukasyon para sa Bumibili ng Bahay na sertipikado ng HUD sa pamamagitan ng isang itinalagang ahensya

Pinakamalaking Gross Household Income (Kabuuang Kita ng Sambahayan) ayon sa Laki ng Sambahayan (2019)						
Laki ng Sambahayan	1	2	3	4	5	6
Limit sa Kita	$110,400	$126,150	$141,950	$157,700	$170,300	$182,950

Ang Empower Homebuyers ay ang Panukala A ng 2016 na programang tumutulong sa down payment para sa bibili ng bahay sa unang pagkakataon sa County ng Santa Clara. Ito ay pinangangasiwaan ng Housing Trust Silicon Valley, isang Ahensya para sa Pantay-pantay na Oportunidad sa Pabahay.